

Paunawa ng mga Kasanayan sa Privacy: Buod

Iyong Impormasyon sa Kalusugan at Privacy

Iginagalang namin ang iyong privacy at nakatuon kami sa pagprotekta sa iyong impormasyon sa kalusugan. Hinihiling sa amin ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong impormasyon sa kalusugan at ibigay sa iyo ang paunawang ito ng aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy. Ipinaliwanag ng buod na ito kung paano maaaring gamitin at isapubliko ang iyong impormasyon sa kalusugan, at kung paano mo ito maa-access.

MAHALAGANG TANDAAN: Ito ay isang buod lamang at hindi kasama ang lahat ng detalye tungkol sa aming patakaran sa privacy. Ang buong Paunawa ng mga Kasanayan sa Privacy ay available bilang kopyang nakaimprenta kapag hiniling.

I. Kung Paano Namin Maaaring Gamitin at Isiwalat ang Iyong Impormasyon sa Kalusugan

Maaari naming gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon para sa:

- **Paggamot** – para magbigay, makoordina, o pamahalaan ang iyong pangangalaga.
- **Pagbabayad** – para singilin at matanggap ang bayad para sa mga serbisyo mula sa iyong planong pangkalusugan.
- **Operasyon ng Pangangalagang Pangkalusugan** – para pagbutihin ang serbisyo, magsagawa ng pagsusuri ng kalidad, pagsasanay ng kawani, pagsusuri ng resulta, auditing, o mga aktibidad sa pagsunod sa batas.
- **Kinakailangan ng Batas** – kapag kinakailangan ng batas pederal, estado, o lokal. Kasama sa mga halimbawa, ngunit hindi limitado sa mga ito, ang pag-uulat ng ilang sakit sa mga awtoridad sa pampublikong kalusugan; pinaghihinalaang pang-aabuso o kapabayaan sa bata, nakatatanda, o dependent adult; karahasan sa tahanan; banta sa kalusugan at kaligtasan mo o ng iba; pagtugon sa mga kautusan ng korte; pambansang seguridad; pambilangguang pasilidad kung ikaw ay nasa kustodiya; pagsunod sa mga audit o pagsubaybay ng pamahalaan.

II. Iyong mga Karapatan

May karapatan kang:

- **Ma-access ang Impormasyon Mo** – hilingin na suriin o makakuha ng kopya ng rekord mo sa kalusugan, nakaimprenta man o elektronikong anyo.
- **Humiling ng Pagbabago** – hilingin sa amin na itama o i-update ang impormasyon mo sa kalusugan kung pinaniniwalaan mong mali o kulang ito.
- **Humiling ng mga Limitasyon** – hilingin sa amin na limitahan ang ilang paggamit o pagbabahagi ng impormasyon mo sa kalusugan (maaaring hindi namin palaging mapayagan).
- **Humiling ng Kumpidensyal na Pakikipag-ugnayan** – hilingin ang alternatibong paraan o lokasyon para sa komunikasyon (halimbawa: tumanggap ng tawag sa bahay lamang).
- **Humiling ng Talaan ng Mga Pagbabahagi** – hilingin sa amin na ibigay ang listahan ng ilang pagbabahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan, maliban sa mga ginawa para sa paggamot, pagbabayad, o operasyon ng pangangalagang pangkalusugan.
- **Makakuha ng Buong Paunawa ng mga Kasanayan sa Privacy (Paunawa)** – hilingin ang buong kopya ng Paunawa anumang oras.

- **Maghain ng Reklamo** – Kung naniniwala kang nalabag ang karapatan mo sa privacy, maaari kang maghain ng reklamo sa aming Office of Compliance Services sa pamamagitan ng pagtawag sa 510-618-3333 o pag-email sa ACHealth.Compliance@acgov.org, o sa U.S. Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights. Ang paghahain ng reklamo ay hindi makakaapekto sa iyong pangangalaga o serbisyo.
- **Maabisuhan sa Paglabag** – may karapatan kang malaman kung nagkaroon ng paglabag sa hindi secure na impormasyon mo sa kalusugan.

III. **Paunawa ng mga Pagbabago**

Maaari naming i-update pana-panahon ang aming mga kasanayan sa privacy. Ang anumang pagbabago ay ipapaskil at makukuha kapag hiniling.

IV. **Mga Tanong o Kahilingan**

Kung mayroon kang mga tanong, reklamo, o nais ng karagdagang impormasyon tungkol sa Paunawang ito o sa aming kasanayan sa privacy, mangyaring makipag-ugnayan sa:
AC Health Office of Compliance Services
1000 San Leandro Blvd. Suite 300
San Leandro, CA 94577
Telepono: 510-618-3333
Mag-email sa: ACHealth.Compliance@acgov.org

**Kinikilala ko na ako ay ☐ inalok o ☐ nakatanggap ng
Paunawa ng mga Kasanayan sa Privacy**

Lagda ng Kliyente o Kinatawan ng Kliyente

Petsa

ISULAT NANG MALINAW
ang Pangalan ng Kliyente/ Kinatawan

Pangalan ng Kagawaran/Programang ng AC Health